

# MAGING MAINGAT SA MGA ISKAM O PANDARAYA




Tinatantiya ng Federal Trade Commission na sa taon **2022 lamang**, ang naiulat na gastos sa pandaraya sa mga Beterano ay **$292 milyon**. Ang halagang ito ay napapaloob lamang sa mga nai-ulat ng mga Beterano at kanilang mga pamilya. Ang mga paksa ukol sa palasintahan o pala-ibigan at iba pang mga similar na iskema ay tumaas ng 71%. Mahalagang protektahan ang sarili laban sa iskam o panloloko kapag nag-aaplay sa mga benepisyo at serbisyo, o kaya naman tuwing bubuksan o aaprubahan ang inyong mga benepisyo sa VA.

Bisitahin ang aming site: **www.va.gov/VSAFE**

- **Ang mga kompanyang nag- aanunsiyo na makukuha lamang ang mga benepisyo ng VA** sa pamamagitan ng tulong nila. Ang mga kompanyang ito ay maaaring hindi kinikilala ng VA at maaaring sinusubukang maningil ng mga ilegal na bayarin.
- **Tyakin o kumpirmahin:** Kung kayo interesadong makipagtulungan sa ahente o abogado ng Veteran Service Organization (VSO), gamitin ang kasangkapan ng Office of General Counsel Accreditation upang tiaykin o kumpirmahin ang kanilang mga kredensiyal. Ang **www.va.gov/ogc/apps/accreditation/index.asp** ay isang opisyal na mapagkukunan na maaaring gamitin upang ikumpirma.
- **Huwag pirmahan ang mga dokumento na magbibigay tulong sa likod ng mga eksenang napapaloob ang paninigil.**

**Tingnan ang susunod na pahina para sa higit pang mga tip tungkol sa pag-iwas, tulong, at pagrereport ng pandaraya**

## MGA TIP UPANG MAKAIWAS SA MGA ISKAM NA PUMUPUNTIRYA SA MGA BETERANO



Sinasamantala ng mga iskamer ang mga bagong oportunidad upang gumawa ng pandaraya. Nagkaroon ng pagtaas sa phishing (email), vishing (telepono), at social media scam na nauugnay sa PACT Act na pumupuntirya sa mga Beterano upang mabuksan ang kanilang mga benepisyo sa PACT Act o magsumite ng mga paniningil sa ngalan nila.

Mag-ingat sa sinumang gumagarantiya ng isang kumikitang pinansiyal na benepisyo o serbisyo.

## MGA DAPAT GAWIN

- **Magsumite ng aplikasyon nang may** seguridad sa va.gov o iba pang pederal na website o nang personal sa pamamagitan ng mga Pederal na ahensiya na nag-aalok ng serbisyo. Ang mga ahensiyang iyon ay tutulong sa pagtipon ng ebidensiya na kinakailangan upang suportahan ito. Walang ilalapat na mga gastos o nakatagong bayarin.
- **Maging maingat sa:**
  - **Mga agresibong kompanya** na maaaring subukang pilitin kang pirmahan ang kanilang kontrata sa pamamagitan ng madalas na komunikasyon o sa pamamagitan ng paggigiit na "dapat kang kumilos ngayon o mawawala ang iyong pagkakataon para sa mga benepisyo."
  - **Mga kompanyang nagsasabing nakikipag-ugnayan sa iyo sa ngalan ng VA o may espesyal na ugnayan sa VA.** Makipag-ugnayan sa VA sa 1-800-827-1000 kung hindi ka sigurado sa pagiging tunay ng anumang mensaheng natanggap.
- **Gumamit ng dalawang salik sa pagkilala, gaya ng login.gov, kung maari.**

## MGA HINDI DAPAT GAWIN

- **Huwag pumirma sa isang kontrata na sumasang-ayon na magbayad** sa isang hindi awtorisadong kompanya ng porsiyento ng iyong pagbabayad ng benepisyo bilang kapalit ng kanilang tulong sa paniningil sa VA. Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng paniningil, may mga kinatawan ang mga VSO, ahente, at abogado na kinikilala ng VA na tutulong sa iyo.
- **Huwag pumirma sa isang blangkong dokumento** upang kumpletuhin ng ibang tao sa ibang pagkakataon. Palaging suriin ang nakumpletong dokumento bago pirmahan at magtago ng isang kopya para sa sarili.
- **Huwag magpapalinlang sa mga kompanyang nag-a-anunsiyo na mayroon silang mga espesyal na ugnayan** sa mga medikal na propesyonal at maaaring magagarantiyahan ang iyong gantimpala sa mga benepisyo. Kung niloloko nila ang Pederal na gobyerno, maaari kang managot sa pagbabayad ng mga benepisyong iyon
- **Huwag magbigay ng nagpapakilalang impormasyon** tulad ng iyong social security number, mga medikal na rekord, o iba pang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan sa sinumang nag-aalok ng tulong sa mga paniningil nang hindi kinukumpirma ang kanilang mga kredensiyal sa kasangkapan ng Office of General Counsel Accreditation.

## PAGREREPORT

Para sa pandaraya na nauugnay sa pangangalaga ng kalusugan, makipag-ugnayan sa VA Healthcare Fraud, VHA Office of Integrity and Compliance Helpline 1-866-842-4357 (VHA HELP) o VA Benefits Fraud 1-800-827-1000. Para sa lahat ng pandaraya na hindi VA, magulat sa Federal Trade Commission. http://reportfraud.ftc.gov

VA | U.S. Department of Veterans Affairs